# May Nawala na ba sa Iyo?

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
Marso 13, 2021

Sa nakalipas na taon, marami ang nawala: kamag-anak at kaibigan, hanapbuhay/negosyo, ugnayan sa bawat isa at marami pang iba. Isa pa, dahil sa unos sa ating buhay, ang iba ay nawalan ng pag-asa, silakbo ng damdamin, katinuan at pananalig sa Diyos. Ang tanong, "maibabalik ba natin ang mga ito?" May mabuti kaming balita ngayon! Ang Diyos ay laging nating kasama. Manunubos natin ang Diyos; Siya'y nagsasauli, nagpapalit ng kahit anong nawala sa atin.

**1.Si Jesus, ang ating manunubos ay nagbayad na sa ating pagkakautang sa pamamagitan ng pagpako sa krus (Lk. 24).**

**1.1** Nakita Siya ng mga alagad na namatay. Hindi nila alam na Siya'y nabuhay. Ang dalawang alagad na naglalakad patungong Emaus ay nawalan ng tiwala na Siya'y nagpapanumbalik. Umasa silang Siya ang magpapalaya sa Israel (Lk. 24:21). Hindi pera ang Kanyang pinantubos kundi ang pagpako sa Kanya sa krus, ang sarili Niyang dugo, at hindi ang Kanyang kapangyarihan.

**1.2** Ano ang kahulugan niyan sa atin sa panahon ngayon? Tinitiyak Niya na ibabalik Niya sa atin ang lahat, dahil dugo Niya ang kanyang pinambayad. Ngunit, kung may matinding unos na dumating, nagsisimula tayong makaramdam ng bigat at pagkapagod.  Sa halip na magpokus tayo kay Jesus, nakatitig tayo sa malalaking alon. Nagsisimula na tayong mag-isip – makababalik pa ba tayo sa dating sitwasyon ng buhay, sa matatag na emosyon at pananalapi? Maibabalik ba sa dati ang ating ministri? Maniwala tayo sa katotohanan ng Diyos: kung ang mga iniisip nating nawala (tiwala, kalusugan, katapangan, relasyon), si Jesus ay nagbabalik, nagkukumpuni, nagpapalit. Ipahayag natin "Ako'y namumbalik, at naayos na."

**2. Naibalik ni Jesus ang layunin ni Juan (Gawa 13)**

**2.1** Katulong ni Pablo si Juan Marcos. Sinamahan niya sila Pablo at Barnabas sa pagpapalaganap ng Salita ng Diyos sa Chipre. Bagaman, pagkatapos ng matinding pagsubok na walang naging bunga, bumalik siya sa kanyang ina sa Jerusalem. Tinalikuran niya ang kanyang pananampalataya at naghanap ng tahimik at ligtas na lugar kasama ang kanyang ina.

**2.2** Ang "Chipre" ngayon ay lugar kung saan nakikita natin ang ating sarili na nawawalan tayo ng pag-asa at pananalig. Dahil sa pandemya, wala tayong kakayahang magkontrol ng kahit na ano, naka *lockdown* tayo sa ating tahanan. Malungkot, pero huwag tayong sumuko.

**2.3** Ibinalik ni Jesus ang silakbo ng damdamin ni Juan Marcos. Magagawa rin ito sa atin. Maibabalik din Niya ang gumuho nating pangarap. Mapagtatagumpayan din natin ang pandemyang ito na may mas malalim na kahulugan. Ganito ang kailangan nating pagtitiwala para makaligtas sa mga pagsubok.

**2.4** Si Juan Marcos ay pinagmulan ng pag-asa ng mga tao. Iniangat niya ang ating tiwala. Noong malapit ng pumanaw si Pablo, sinabi niya kay Lucas "Hanapin mo si Marcos at isama mo rini, sapagkat malaki ang maitutulong niya sa aking mga gawain" (1Tim 4:11).

**Konklusyon:**

Si Jesus na nagbigay ng pag-asa at pananalig, ay Siyang Jesus ding mag-aalaga at magpapalago sa mga ito. Kaya Niyang ibalik, ayusin, at pagyamaning muli ang lahat ng nawala sa atin. Ang iniisip nating nawala sa atin ay siyang pinakamahalagang kwento na maibabahagi natin pagdating ng takdang panahon. Nandito si Jesus. Hindi lamang Siya nakatingin sa atin. Gumagawa na Siya ngayon at inaayos na Niya ang ating buhay. Ang pinakamagandang araw natin ay ngayon, at sa mga susunod pang mga araw. Siya'y ating manunubos, tagapanumbalik, at taga-ayos.

**Pagninilay:**

1. Nasa isang lugar ka ba ngayon na di mo kayang makontrol ang mga pangyayari at nakararamdam ka ng pagkabigo?
2. Ang pakiramdam mo ba ay tulad ni Juan Marcos? Nawalan ka rin ba ng pokus? Pakiramdamdam mo ba di mo na kayang umabante?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #Manunubos, #Tagabalik, #Pag-asa